

1

Damay si Gidget sa takot na nadarama ng pinsang si Tere. Trenta na kasi ang huli at takot na tumandang dalaga, kaya naman lahat ng puwedeng tawagan ay kinu-kontak na ng babae para saklolohan siya. Isang taon na lang kasi at mawawala na sa kalendaryo ang edad nito kaya gan'un na lamang ang pangamba ng babae.

Kaya naman novena marathon na ang ginagawa ni Tere para mapabilis ang paghahanap ng mapapangasawa. In fairness sa babae ay madasalin talaga ito at naniniwala sa mga milagro ng langit. Kaya nga siguro gan'un na lang ang hila nito kay Gidget para samahan itong magsimba ng araw na iyon sa St. Jude Church malapit sa Malacanang. Kilala kasi si St. Jude na tumutulong sa mga taong may mabigat na problema. After all, ito ang *Patron Saint* ng mga desperate cases.

“Dapat ba kay Saint Jude talaga nagdadasal? Baka naman may iba pang patron saint na mas nagsi-specialize sa mga naghahanap ng mapapangasawa,” bulong ni Gidget habang

papasok sa gate ng simbahan. Alam niyang maraming santo na tumutulong sa iba't ibang specific na kahilingan.

“Iba na ang sigurado, Gi,” bulong din ni Tere. “Nagdadasal din naman ako sa ibang santo, pero desperado na nga kasi ako at alam kong malaking tulong si St. Jude. Mas marami, mas maganda. Para kapag sinagot ng langit ang panalangin ko, buhos, di ba?”

“Ah gan'un? Feeling mo, raffle ito? The more entries you send, the more chances of winning?” Pareho silang napahagikhik. Si Gidget ang unang napatigil.

“May ikinakasal pala!” Nakatingin sa unahan ang dalaga.

“Ay, oo nga. Di agad natin napansin.” Kandahaba ang leeg ni Tere para makita ang bride.

“Bakit kaya dito sila nagpakasal e parang ang liit ng simbahan?”

“Aba, malay ko! Di ko naman sila kilala para malaman ko ang history nila,” ani Tere.

Nagbiro tuloy si Gidget. “Feeling ko dito sila nagkakilala kaya memorable ang lugar! Kaya

dito sila nag-decide na magpakasal. Usually gan'un, e.”

Sa narinig ay lalong sumidhi ang hangarin ng babaeng makapag-novena. Daig pa ni Tere ang ipu-ipo dahil mabilis nitong hinila ang pinsan.

“Halika na, doon tayo sa isang tabi at magdasal na. Umpisahan na natin!” Animo’y may world crisis ang urgency sa boses ni Tere.

Pinigilan ni Gidget ang sarili na huwag humalakhak nang malakas. Seryoso naman sa hangarin ang kanyang pinsan, pero amused pa rin siya.

“Di ba tayo pagbabawalan?” tanong niya kay Tere habang nakatingin sa unahan. “Doon tayo sa medyo tagong bahagi para di tayo makaistorbo.

Pumuwesto nga silang dalawa sa may pinakagilid at medyo natatabunan ng isang malaking rebulto ni Mama Mary. Pero pagkaupo ay hindi muna agad nagdasal ang dalawa, sa halip ay umupo muna at nagmasid sa nagaganap na kasalan sa loob.

“Ibang klaseng kasalan ’yan. Andaming naka-uniform oh, parang graduation ng mga

sundalo,” komento ni Gidget.

“Oo nga. Military wedding siguro ’yan.”

“Siguro. Kasi kakaiba ang set up nila. Ano kaya yung ikakasal?”

“Gusto mo tanungin natin!” Bago pa nakasagot si Gidget ay nakatayo na at nakalapit si Tere sa isang may edad na babaeng nakabihis pang-ninang. Nasa likod pa ito at mukhang may hinihintay.

Saglit na nakipag-usap si Tere sa babae saka ito humahangos na bumalik sa kinaroroonan niya. Para itong reporter na may gustong ibalita!

“Police wedding pala! Miyembro ng *PSG* ang ikinakasal!”

“Anong *PSG*?” clueless si Gidget sa sinasabi ng pinsan.

“*Presidential Security Group*! Sila ang nagbabantay sa presidente.”

“Wow, astig,” nasabi niya. “Kaya pala bongga. So p’ano, magdadasal na tayo o manonood?”

“Siyempre magdadasal!” Dali-daling inilabas ni Tere ang kanyang prayer book at nagsimulang

mag-novena.

Sumunod na rin si Gidget.

PATAPOS NA RIN sila sa pagdadasal nang makita nilang naglalakad na ang bride at groom palabas ng simbahan. May mga naka-uniform na lalaking nagtaas ng mga espada.

“Ang sarap siguro kapag ikinasal sa ganyan, ’no?” narinig ni Gidget na komento ng pinsan. The woman had a dreamy look on her face, kaya nakaramdam siya ng awa dito.

“Makakakita ka rin ng mapapangasawa mo. And who knows, mas maganda pa pala ang magiging wedding mo diyan!” And she meant it dahil gusto naman talaga niyang maging masaya si Tere.

“Sana nga. Alam ko namang hindi ako bibiguin ng mga dasal ko,” nakangiting sagot ng babae. Hanga si Gidget sa tatag ng pananalig ng pinsan, kaya pati siya ay tila nahawa na rin. Parang gusto na rin niyang magkaroon din ng magandang wedding.

“Sige na nga, sana ako din!” natatawa niyang wika.

“E di ipagdasal mo din!” ani Tere.

“Ginawa ko na nga kanina. Sabi ko, sana makilala ko na ang lalaking mamahalin ko habangbuhay.”

“Ngek! Dapat specific ka, day! Dapat ang hiniling mo, ’yung mahal mo at mamahalin ka rin habangbuhay. Baka kasi maging one-sided lang.”

Natawa si Gidget sa tinuran ni Tere. Daig pa nito si Dr. Love!

“Hayaan mo, next time!”

Pinatapos muna ng dalawa ang ritwal ng bagong kasal na pagdaan sa ilalim ng espada bago tuluyang lumabas sa simbahan. Nag-aabang na sila ng taxi nang may marinig silang tawag mula sa likuran.

“Miss, excuse me. Sa ‘yo ba ‘to?” malumanay ang boses ng nagsalita pero buo ito at halatang may confidence.

Nakatingin si Gidget sa hawak nitong panyo at prayer booklet.

“Tere, sa ’yo ’yan di ba!” aniya pero ngayon ay nakatingin na siya sa lalaking kaharap. Hindi

na siya muling nakapagsalita, she just eyed the stranger.

The guy was about five eleven, almost six feet tall sa tantiya niya. Maganda ang katawan nito at kayumanggi ang kulay. Guwapo ang unang salitang pumasok sa isip ng dalaga habang pinagmamasdan ito, pero sa tingin niya ay mukha itong suplado. Hindi puwedeng biruin, seryoso kasi ang dating nito.

“Ay! Akin nga yan! Josko, nakalimutan kong ipasok sa bag!” Agad na kinuha ni Tere ang panyo at prayer book. “Naku thank you ha!” anito sa kaharap. Nanatiling tahimik si Gidget at nakatingin lang.

“You’re welcome,” sagot ng lalaki. Iyon lang at tumalikod na ito at naglakad palayo.

Saka lang napansin ni Gidget na naka-uniform ito ng Marco, obviously ay galing sa katatapos na kasal.

“Ang guwapo, ’no? Sayang bagets pa,” komento ni Tere.

“Pulis din ba ’yun?” Nanghihinayang si Gidget dahil nakalayo na ang lalaki. Magmumukha naman siyang timang kapag hinabol niya ito.

Saka ano naman ang sasabihin niya kung saka-sakali?

“Hindi, kadete lang ’yun. ‘Yung mga opisyal, ‘yung naka-puti.”

“P’ano mo nalaman?”

“E mukhang inosente pa siya at idealistic. Very gentleman pati. Kadete lang ang mga gan’un.”

“So pano mo nga nalaman? Naging kadete ka ba before?” biro niya.

“May pinsan yung kaibigan kong naging ganyan din. Ewan ko nga kung ano na ang nangyari dun, baka ipinadala sa giyera.”

“Ganyan kababata ang mga ipinapadala sa giyera?”

“Oo naman. Madami kayang mga batang sundalo at mga opisyal ang namamatay sa mga first assignments nila.”

“Ang morbid naman!”

“Gan’un talaga, day. Kaya ipagdasal na lang natin sila.”

May tumigil na taxi sa harap nila kaya agad

na binuksan iyun ni Gidget. Nang linungin niya ang lalaki ay wala na ito.

“Hay naku, tara na nga at may tatapusin pa akong nobela,” nasabi na lamang niya.

Deep inside ay nanghihinayang siyang di man lang niya nakilala ang lalaking nagsauli ng panyo at prayer book ng pinsan niya.

ROMANCE NOVELIST si Gidget. Sa edad niyang bente kuwatro ay dalawa pa lang ang naging boyfriend niya. Ang una ay noong high school pa lang siya, si Paulie, kaklase niya. Pero pinaghiwalay sila ng parents nila dahil mga bata pa raw sila. Ang pangalawa ay si Abel, kasama niya sa organization noong college. Pero masyadong aktibista ang lalaki at lagi siyang niyayaya sa mga rally kaya nagkahiwalay din sila. Hindi naman kasi niya type ang magmarcha nang magmarcha sa daan. Ibinuhos na lamang niya ang oras sa pag-aaral hanggang sa maka-graduate.

Hanggang ngayon ay wala pa rin siyang boyfriend. Hindi rin siya gaanong nakikipag-date kasi madali siyang ma-bore sa mga

nakikilalang lalaki. Mas gusto na lang niyang magsulat sa bahay at manood ng DVD o di kaya ay manood ng sine kapag trip niya. Pasalamat din siya at pagsusulat ang kanyang naging propesyon, at least ay sarili niya ang kanyang oras. Hindi niya kailangang pumunta ng opisina araw-araw.

Ang sabi sa kanya ni Tere ay masuwerte daw siya dahil maganda ang pinagkakakitaan niya, bata siya at maganda. Feeling ng pinsan niya ay siya lang ang pihikan kaya wala pa rin siyang boyfriend.

Pero ano ang magagawa niya, wala siyang maramdamang excitement o spark sa mga nakikilala. Ang tingin niya ay pare-pareho lang ang mga nakakahalubilong lalaki, pawang nakasentro sa sarili ang atensiyon at ni hindi nakakapagpabangon ng kanyang mga kilig bones.

Ang gusto niya kasi ay yaong magpapakabog ng dibdib niya kapag kaharap niya ang isang lalaki, iyong hindi siya magsasawang tingnan o pakinggan ito. Ang gusto niya ay may X-factor. Parang sa Math na 'find the X' ang mga gusto niya. Iyong malakas ang presence to the point

The Sign of Love by Averiz Gale

na titigil sa paggalaw ang paligid niya.

Parang katulad ng lalaki kanina, naisip ni Gidget.

2

After two weeks ay sa *Villamor Air Base* naman niyaya ni Tere si Gidget. Dumating kasi ang relics ni *Saint Therese of the Child Jesus* at gusto nitong makahawak man lang sa glass case na kinalalagyan ng labi ng santo. Ayon sa kanya ay matutupad ang wish kapag nagdasal sa naturang santo.

“E balita naman kasing mapaghimala talaga si Saint Therese kaya wala namang mawawala sa atin kung pumunta tayo doon di ba?”

Nasa harap ng laptop si Gidget at kasalukuyang nagta-type. Hinahayaan lang niyang magsalita ang pinsan. Sino nga ba naman kasi ang tatakbuhan nito kundi siya? Halos lahat na ng ka-batch nito, may mga asawa na kaya’t siya na lamang ang puwede nitong hatakin.

Kung ibang tao ang naroroon sa kuwarto niya ay malamang na pinalabas na niya dahil number one rule niya talaga ang hindi nagpapaistorbo kapag nagsusulat ng nobela. Pero ever since naman kasi ay matulungin sa kanya si Tere kaya malapit ang loob niya sa pinsan. Lagi pa siyang pinapautang noon kapag

nagigipit siya—noong nagsisimula pa lamang siya sa pagsusulat. Ni minsan ay hindi siya nito pinagdamutan kaya kahit papano ay gusto niyang ibalik ang kabutihan ng babae.

“So kelan mo ba balak pumunta?” wala sa loob na tanong niya sa pinsan. Ang nasa isip niya ay matapos na ang sinusulat at maipadala sa publication dahil ayaw niyang niri-remind sa deadline. Saka para makapaningil na rin siya ng kanyang professional fee.

“Ngayon nga sana. Pero may ginagawa ka pa pala.”

“Obvious naman di ba?” Natawa si Gidget. Alam naman kasi ni Tere na kapag nasa bahay lang siya, ay automatic na nasa harap siya ng computer.

“Anong oras ba matatapos yan?”

“Di ko alam. Siguro mga three to five hours? Depende. May naiisip kasi akong iba pang ending e, at di ako makapag-decide kaya tinatantiya ko pa.”

“Gan’un ba? E di gabi na lang tayo pumunta.”

“Bukas pa ba ang simbahan kahit gabi?”

“May vigil ngayon doon kaya 24 hours na bukas ang simbahan.”

“E di sige. Mamaya na lang tayo pumunta. Balikan mo ako ng mga alas-diyes ng gabi.”

“Sige! Salamat ha. Saka goodluck sa sinusulat mo.”

Nang makaalis ang pinsan ay ibinuhos na ng dalaga ang concentration sa ginagawang istorya. Mas gusto niya kasing nararamdaman ang bawat eksenang kanyang sinusulat. Ni hindi na niya namalayan ang oras.

“ANG HABA ng pila!” bulalas ni Gidget nang makitang madami ang tao sa labas ng simbahan, considering na hating-gabi na! Pakiramdam ng dalaga ay mas madami pa ang tao ng mga oras na iyon kesa sa mga nagsisimbang gabi kapag Disyembre.

“Siyempre marami ang devotees ni Saint Therese eh,” tila walang anumang wika ni Tere. “Saka kelangan makakuha tayo ng rose mula doon sa may relics!”

“Kukunin natin yung naka-display?” tanong ni Gidget. “Di ba masama yun? Aagawan mo

pa ng bulaklak ang santo!”

“Hindi naman sa gan’un. Every few hours kasi ay ibinibigay na rin sa mga tao ang mga roses na nakapalibot sa relics niya. Marami kasing dumarating na bulaklak para sa kanya.”

Napa-aahhh na lang si Gidget sa tinuran ng pinsan. Hindi niya alam na well-informed pala si Tere sa mga bagay na gan’un. But then again, sigurado siyang ni-research na ng pinsan niya ang mga dapat at di dapat kapag may relics ng santo.

“Andami na namang sundalo,” nasabi niya mayamaya nang mapagmasdan ang kumpol-kumpol na mga tao.

“Patron Saint talaga ng mga sundalo si Saint Therese. Kita mo nga dinala dito sa *Villamor Air Base*. Sa susunod na araw, sa *Camp Aguinaldo* naman dadalhin.”

“So ibig mong sabihin, pati patron ng mga sundalo e dinadasalan mo na rin?” Naisip tuloy niya, anong patron pa kaya ang pupuntahan nila?

“Heh! Hindi sa gan’un! Milagrosa kasi ‘yang si Saint Therese- kapag may hiniling,

nagkakatotoo talaga. Saka nagpapadala pa siya ng sign!”

Hindi man sinasadya ay napataas ang kilay ng dalaga sa sinabi ng pinsan. Ngayon lang kasi niya narinig iyon. And in fairness, bilib siya kay Tere dahil andaming religious trivia na nalalaman!

“Ows? Anong sign?” tanong niya. Curious din siya kahit ayaw niyang aminin nang tahasan.

“Nagpapadala siya ng rose!” excited na bulong ni Tere habang hinahanap nila ang dulo ng napakahabang pila.

Feeling ni Gidget, limang kilometro ang haba ng nakapilang tao! Tiyak na aabutin sila ng alas-singko ng madaling araw!

“Paano siya nagpapadala ng rose?” nagtatakang tanong niya.

“Basta, ang taong humihiling kay Saint Therese, pinapadalhan niya ng sign in a form of a rose. Puwedeng tunay na rose, picture na rose, basta!”

“Paano kung nagkataon lang palang may nagbigay ng rose? Sign na ‘yun?”

“Andaming tanong, basta manalig ka na lang kasi,” sita ni Tere.

Magsasalita pa sana si Gidget pero nakita niyang nakapikit na ang pinsan niya habang nakatayo sa pila. Nag-umpisa na itong magdasal. Muli siyang tumingin sa paligid. Lahat ng tao ay taimtim na nagdadasal doon, lahat ay nananalig na mapagbigyan ang hiling nila.

Kapag humiling ba ako ng true love, ibibigay mo? naisip ni Gidget habang nakatingin sa may altar kung saan naroroon ang relics ni Saint Therese.

Hindi naman siya nagdududa sa kakayahan ni Saint Therese. Sigurado si Gidget na may basehan ang paniniwala ng pinsang si Tere, after all, Teresa din ang pangalan nito. Ang iniisip niya ngayon ay subukan ding humiling para sa kanyang love life. Wala namang mawawala. Malay nga naman niya at magkatotoo?

And so, katulad ng kanyang pinsan, pumikit na rin si Gidget at nagdasal ng taimtim. Humiling siyang sana ay matagpuan na rin niya ang kanyang true love, ang lalaking kanyang mamahalin habangbuhay. At siyempre, iyong

mamahalin din siya. Tapos na siyang magdasal pero tila hindi pa rin gumagalaw ang kanilang linya. Siguro ay gumagalaw naman pero hindi niya nararamdaman kasi nga, talagang napakarami ng tao.

“Kasi nga maraming naniniwala sa himala niya,” paliwanag ni Tere habang nagpapaypay. “Eh, alam mo bang ‘yung helicopter na sinakyan ng relics niya noong isang linggo kasi nga dinala sa Pampanga. Aba e nasiraan habang nasa itaas! Habang lumilipad kamo. Pero hindi bumagsak ang helicopter ha. Nakapag-landing! O, hindi ba naman mapaghimala?”

Nakaramdam ng kilabot si Gidget sa kuwento ni Tere. Oo nga naman. Ang alam niya kapag nasiraan ang isang chopper, karamihan ay bumabagsak. Lalo tuloy siyang bumilib kay Saint Therese.

“O, kita mo yan o! Hindi lang mga sundalo ang nandito! May mga pulis na dumating o! Malamang galing pa sa duty ang mga yan!” Pasimpleng itinuro ni Tere ang bagong dating na truck na puno ng mga pulis. Isa-isang nagsibabaan ang mga ito.

“Sila yata ang magbabantay din saka mag-

a-assist sa paglipat ng relics,” sabad ng isang matabang babae na nasa likuran nila.

Napatango ang magpinsan habang nakatingin sa unahan.

BANDANG ALAS DOS ng madaling araw nang makalapit na sa may altar at sa relics sina Gidget at Tere. Bahagya pang naluha ang pinsan niya nang makahawak sa glass case. Kahit pano ay na-touched din naman ang dalaga kasi binasa niya kanina ang article tungkol kay Saint Therese habang nasa pila. May mga ipinamigay kasing leaflets ang mga deboto nito at nakakuha siya. Ang wala lang siya ay ang rose na galing sa may relics.

“Bakit di ka kumuha?” tanong ni Tere. May hawak itong red rose.

“Naglalagay pa lang kasi uli sila kanina. Nahiya naman akong humingi.”

“Naku, dapat meron kang rose! Teka, lapit tayo uli!” hinawakan na siya ng pinsan at hinila.

“Teka, wag na. Baka papilahin tayo uli!”

“Hindi ‘yan. Tapos na tayo e. Hihingi lang tayo ng rose!”

“Miss, gusto n’yo ng white rose?”

Sabay na napalingon sina Tere at Gidget nang marinig ang nagsalita.

“Galing ito sa relics kanina lang.” Nakangiti ang pamilyar na lalaki.

“Ikaw!” hindi napigilang bulalas ni Gidget nang makapagsalita.

“Ha?” Tila nagulat ito sa reaksyon ng dalaga. Pero ibinigay pa rin nito ang hawak na white rose sa kanya.

“Kilala mo?” bulong ni Tere sa kanya.

“Ikaw ‘yung nagbalik ng panyo at prayer book noong isang linggo di ba?” ani Gidget na nakatingin sa lalaki. “Ikaw ‘yung nasa military wedding... or police wedding! Basta, ‘yung last week!”

Hinding hindi niya makakalimutan ang lalaki. He may not be wearing any uniform, but he’s the same guy indeed. Ilang beses na itong naisip ng dalaga, although hindi din niya alam kung bakit.

“Sa St. Jude Church?” tanong nito.

“Ay oo, siya nga ‘yun!” Sa wakas ay naalala na rin ni Tere. Bigla itong na-excite sa tabi niya. “Nga pala, thank you ha! Umalis ka naman kasi agad!”

“Bakit hindi ka naka-uniform ngayon? Pulis ka ba? Sundalo? Ano’ng ginagawa mo dito?” sunud-sunod na tanong ni Gidget. Hindi niya maipaliwanag pero nakaramdam siya ng kakaibang tuwa nang mga oras na iyon. Idagdag pa ang excitement.

“Ako nga po. Nag-attend po kami ng wedding ni Captain Dela Paz,” sagot nito kay Tere. Bumaling ito kay Gidget. “Kayo pala ‘yun. Small world ah.”

“Oo, small world nga!” ani Tere.

“So pulis ka nga? O sundalo?” Gusto talagang malaman ni Gidget ang background ng lalaki.

“Cadete palang po, sa *PNPA*.”

“Sabi sa ‘yo e,” bulong ni Tere.

“Anong *PNPA*?” tanong ni Gidget.

“*Philippine National Police Academy* sa Cavite.”

“So magiging pulis ka? Sa Cavite ka pa umuuwi o nakabase? Buti nakarating ka dito?”

“Taga-rito po ako sa *Villamor* kasi *Air Force* ang father ko. May three days leave lang po ako. Kailangan ko ring bumalik bukas sa Cavite.”

“Ahhh.” Hindi maalis-alis ang tingin ni Gidget sa mukha ng lalaki. There’s something about him na gustung-gusto niyang tingnan.

“Anong year ka na?” tanong ni Tere.

“Graduating na po.”

“Talaga? E di magiging opisyal ka na pala.”

“Medyo po,” tila bigla itong nahiya. Nakatingin ito sa kanya kaya biglang namula si Gidget.

“Congrats. Pagbutihin mo ha.” Nasabi ng dalaga pero ang utak niya ay tumatakbo na. Makikita niya ba uli ito? Magkukrus ba uli ang landas nila? Paano kung hindi na uli sila magkita?

“Thank you. Sige ha, mamimigay pa ako ng mga bulaklak. ‘Yun kasi sabi ni Father. I mean, ng pari dito.” Akmang tatalikod na ang lalaki nang pigilin ito ni Gidget.

“Teka, ano’ng pangalan mo?” lakas loob

niyang tanong. “Ako pala si Gidget. Eto naman ang pinsan kong si Tere.”

“JC. JC Abrahan po.” Ngumiti ito at lumabas ang maputi at pantay-pantay na ngipin.

Ang cute mo! gustong sabihin ni Gidget.

“Nice meeting you, JC. Salamat sa rose ha.” Biglang kinapa ni Gidget ang kanyang wallet sa maliit niyang bag. Mabilis siyang kumuha ng calling card at iniabot kay JC. “Eto nga pala ang card ko.”

E ano kung magmukhang agresibo, sa isip-isip ng dalaga. Minsan, kailangan ding gumawa ng paraan ng mga babae. Lalo na kapag mabagal ang lalaki!

Tiningnan ni JC ang card at binasa. Napangiti ito.

“Thank you ha. Sige. Sana magkita uli tayo,” anito. Iyon lang at naglakad na ito pabalik malapit sa altar.

Naiwang nakangiti si Gidget habang nakatingin sa lalaki.

“Cute siya in fairness. Pero bata pa, sayang,” bulong ni Tere.

“Age doesn’t matter,” wala sa loob na komento ng dalaga sa sinabi ng pinsan.

“Kung sabagay, madami namang nagkakatuluyan diyan kahit malayo ang edad nila,” sang-ayon ni Tere. “Hindi mo rin kasi masasabi minsan ang tadhana e.”

Naglakad na palabas ng simbahan ang babae, nakasunod lang si Gidget. Hindi pa rin maalis-alis ang ngiti niya.

“Uwi na ba tayo?” naitanong ng dalaga sa pinsan.

“Siyempre, madaling araw na. Mayamaya lang, andiyan na rin ang araw. Marami pa akong gagawin mamaya.”

Hindi na nagprotesta pa si Gidget. Maging siya ay may meeting mamayang alas-diyes ng umaga. Gusto din naman niyang makapagpahinga at makatulog kahit papano.

Sana mapanaginipan ko siya. Gusto niyang mapahagikhik sa huling naisip.

3

Isang linggo na ang nakalipas simula nang magtungo sina Gidget at Tere sa *Villamor Air Base*. Gan'un na rin katagal ang lumipas since she last saw JC, ang kadete na laging laman ng isip ng dalaga nitong mga nakaraang araw.

Sana pala kinuha ko na lang ang number niya. Tinanggap nga niya ang calling card ko, hindi naman niya ako tinatawagan. Nagmamaktol na ang isip niya.

Nawawalan na tuloy siya ng self-confidence bilang babae. Ganoon na ba siya kapangit para hindi pansinin ni JC? Ano ba ang type nito? Kung ang mga gusto nito ay mga models katulad ng mga nasa *Cosmopolitan Magazine* at *FHM*, tiyak ngang wala na siyang pag-asa!

Ang totoo, parang gusto na niyang pumunta sa Cavite. Kaso parang hindi naman yata niya kayang pumunta mismo sa loob ng *Philippine National Police Academy* at hanapin si JC. Ano nga naman ang rason niya? Hindi naman siya kamag-anak para dumalaw doon. Lalong hindi rin siya girlfriend. Weird nga naman na nagkakilala lang sila sa simbahan, tapos

bibisitahin na niya sa *PNPA*? Baka naman matakot sa kanya ang lalaki, isipin pang stalker siya!

Napapabuntung-hininga si Gidget sa mga naiisip.

Kahit wala siyang picture ni JC ay tandang-tanda niya ang itsura nito. Tuwing pipikit siya ay para lang itong nasa harap niya at nakangiti, tila sumasayaw ang mga mata.

Bakit ganoon? Pangalan lang ang alam niya kay JC, and of course, the fact na magiging opisyal ito, maliban doon ay wala na siyang alam. Pero feeling niya parang ang gaan ng loob niya rito.

Shit, luka-luka na yata ako!

Naiinis na tumayo si Gidget mula sa kama at binuksan ang kanyang laptop. Mas mabuti pang magsulat na lang siya at magpaka-productive, at least kikita pa siya! Kesa panay ang daydreaming niya, wala namang nangyayari. Sumasakit lang ang ulo niya!

Bandang alas-singko ng hapon ay nagpasya si Gidget na magtungo sa mall para manood ng sine. Sa may UP Village lang nakatira ang

dalaga kaya pinili niyang sa *SM North* manood. Nasa kalagitnaan na siya ng pinapanood nang mag-vibrate ang cellphone niya. Noong una ay dinedma lang niya yun dahil ayaw niyang maistorbo pero hindi tumitigil ang telepono niya kaya napilitan siyang tumayo at sagutin iyon.

“Hello?” pabulong na wika niya.

Maingay ang digital dolby sound ng sinehan kaya hindi niya marinig ang tumatawag sa kabilang linya. Lumayo ang dalaga sa mga upuan at lumapit sa may CR para mas makarinig pero nawala naman ang signal.

Sinubukan niya na mag-return call pero walang number na umapir sa screen niya kaya di niya alam kung sino ang tumatawag. Pabalik na siya sa upuan niya nang muling mag-vibrate ang phone niya. Sinubukan niya uling sagutin iyon pero nawala na naman. Sa inis niya ay in-off niya ang cellphone.

Kaya nga siya nagpunta ng sinehan para makapag-relax, hindi para mairita. Sa isip-isip niya, bahala na kung sino man ang tumatawag. Kung importante man iyon, dapat mag-iwan na lang ng text message sa kanya.

The Sign of Love by Averiz Gale

Pagkatapos manood ng sine ay kumaing mag-isa ang dalaga sa isang fast food chain. Hindi naman niya alintana kung wala man siyang kasama dahil sanay naman siyang nag-iisa. Besides, nagagawa niyang mag-isip at mag-observe sa paligid kapag wala siyang kasama. Mas madami siyang kuwentong nabubuo sa kanyang isip kapag nasa mall.

Alas-diyes na ng gabi nang maalalang buksan ni Gidget ang cellphone. Nasa bahay na siya at katatapos lang magpalit ng damit. Lalabas sana siya ng kuwarto para kumuha ng pagkain nang biglang tumunog ang aparato.

“Hello?” mabilis na sagot niya.

“Good evening. May I speak with Gidget, please?” Maganda ang boses na nasa kabilang linya. Parang familiar.

“Speaking. Who’s this?” Kumakabog ang dibdib ng dalaga.

“Si JC. Yung nakilala mo sa Villamor. Yung binigyan mo ng calling card.”

“Uy! Hi!” Muntik nang mapalundag si Gidget sa narinig. Si JC ang nasa kabilang linya! Tinawagan na rin siya ni JC sa wakas!

“Ano, kumusta? Asan ka? Buti napatawag ka,” sunud-sunod na pahayag ng dalaga kaya medyo natawa si JC.

“Okay lang ako. Kanina pa kita tinatawagan kaso ang hirap maka-connect.”

“Ay, ikaw ba ang tumatawag?”

“Oo. Nasagot mo na kanina kaso ang ingay. Saka naputol. Nang tumawag ako uli, naka-off na.

“Nasa sinehan kasi ako kanina,” paliwanag ng dalaga. Kung alam ba niyang si JC yun, e di sana lumabas na siya!

“Gan’un ba? Sorry, nakaistorbo pala ako sa date mo,” narinig niyang wika ng lalaki.

“Naku, hindi! Ano ka ba. Wala akong date!” mabilis na sagot ng dalaga. “Ako lang ang nanonood ng sine kanina.” Siya naman ang natawa. Di kaya siya mukhang sabik?

“Bakit di ka sinamahan ng boyfriend mo?”

“Wala naman akong boyfriend, kaya ako lang mag-isa talaga ang nanonood.”

“Kaya mong manood ng sine na ikaw lang mag-isa?” parang hindi naman makapaniwala

si JC.

“Oo naman. Gan’un talaga e...”

“Puwede kitang samahan manood kapag nakalabas ako dito minsan.”

Muntik nang mabitawan ng dalaga ang hawak na telepono. Kinilig siya sa sinabi ni JC. Agad din siyang nakaramdam ng pag-iinit sa pisngi. Bigla ring bumilis ang tibok ng puso niya.

“Ikaw ba. Kelan ka ba makakalabas diyan? I mean, tuwing kelan ang bakasyon n’yo?” Pilit na kinakalma ni Gidget ang sarili. Nagpapakakaswal na lamang siya kahit ang totoo, atat na siya!

“Siguro mga three weeks pa bago kami payagan uling mag-weekend leave.”

Ang tagal! agad na sigaw ng isip ni Gidget. Ibig sabihin three weeks din siyang maghihintay?

“Gan’un ba? Masyado palang strikto diyan,” nasabi na lang niya para hindi mahalata ang kanyang disappointment.

“Kadete pa lang kasi kami,” paliwanag ni JC.

“Ano nga pala ang number mo? Bakit hindi umaapir dito sa cellphone ko?”

“Wala akong cellphone. Bawal kaming gumamit niyan dito.”

“Bawal? E paano ka nakakatawag ngayon?”

“ ‘Yung public phone namin dito.’”

“Talaga? E di mahal ang bayad?”

“Okay lang.”

“Buti puwedeng tumawag? Maraming public phones diyan.”

“Dalawa lang actually.”

“Ha? Dalawa lang? E di ba marami kayo diyan? Paano kayo nakakatawag lahat?”

“Pumipila kami.”

“What?!” Hindi makapaniwala si Gidget na sa panahon ng cellphone at texting ay uso pa ang pumila para makagamit ng public phone. “Ang hirap n’un ha!”

“Okay lang. Sulit naman. Nakausap kita.”

Muling nakaramdam ng kilig si Gidget. Iniistir ba siya ni JC? Dahil feeling niya hihimatayin na siya! Di kaya maapakan na ng kapitbahay niya ang buhok niya sa sobrang haba ng mga oras na iyon?

“Nambola ka pa ha,” hindi niya napigilang komento.

“Hindi naman ako nambobola. Bawal sa amin ang mga ganyan. Honest kami.”

Isang malutong na tawa ang isinagot ni Gidget. Ano ba dapat ang isagot niya?

“Tatawag na lang ako uli ha. Sana makatiyempo akong di ka gan’un ka-busy.”

“Sige, tawag ka lang anytime.”

“Ingat ka diyan.”

“Ikaw din. Bye.”

THIRTY MINUTES nang nakababa ang phone ni Gidget pero nananatili pa rin siyang nakahiga sa kama.

Super kilig pa rin siya! Kung pwede lang na hilahin na niya ang oras para dumating na ang araw ng weekend leave ni JC.

Hindi niya maintindihan kung bakit ganoon na lang siya kasaya. It was just a phone call pero hindi matanggal-tanggal ang ngiti niya ng mga oras na iyon. Ngayon lang siya naapektuhan

The Sign of Love by Averiz Gale

ng ganito. Feeling niya ay teenager uli siya!

Haaaay....